

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2023-08
PAG-AMYENDA SA KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2 (2020) PAGPAPALAKAS
SA PANGAKO NG ESTADO NA WAKASAN ANG EPIDEMYA NG OPIOID

SAPAGKAT, ang pagkamatay dahil sa labis na dosis ay patuloy na tumataas sa buong bansa at sa Illinois bilang resulta ng supply ng gamot na kontaminado ng fentanyl, iba pang mga umuusbong na banta ng droga, isang mabilis at sopistikadong network ng supply ng ipinagbabawal na gamot, at makabuluhang mga pangangailangan sa kalusugan sa paggawi na pinalala ng pandemya ng COVID-19 at ng mga epekto nito; at,

SAPAGKAT, ipinapakita ng datos ng IDPH ang pagtaas ng 40% sa mga pagkamatay dahil sa labis na dosis ng droga mula 2019 hanggang 2022, at 3,908 mga miyembro ng komunidad at mga mahal sa buhay sa Illinois ang nasawi dahil sa labis na dosis ng droga noong 2022; at,

SAPAGKAT, ang patuloy na krisis na ito ay nangangailangan ng patuloy na matatag na tugon na nagbabawas sa parehong pagkamatay dahil sa labis na dosis pati na rin ang iba pang mga masamang epekto ng paggamit ng droga sa ating mga komunidad; at,

SAPAGKAT, dapat labanan ng ating mga pinuno at mga komunidad ang pagkapagod sa ating mga pagsisikap, sa halip ay patuloy na bigyang-diin ang pangangailangan sa madaliang pagkilos sa krisis na ito sa pampublikong kalusugan; at,

SAPAGKAT, prayoridad ng Illinois, alinsunod sa mga inisyatiba ng pederal, na suportahan ang isang pagpapatuloy ng pangangalaga na kinabibilangan ng mga serbisyo sa prebensyon, pagbabawas ng pinsala, paggagamot, at paggaling sa buong buhay na naa-access at pantay para sa lahat ng tao; at,

SAPAGKAT, ang ating tugon ay dapat ding maging mabilis patungkol sa mga umuusbong na banta ng droga, tulad ng xylazine; at,

SAPAGKAT, may karagdagang pangangailangan na tumugon sa lahat ng mga apektado at bulnerableng indibidwal sa ating mga komunidad, kabilang ang mga apektadong miyembro ng pamilya, mga nakaligtas na mga biktima ng labis na dosis, at mga bata at pamilyang may kinalaman sa kapakanan ng bata, mga hukuman, o sistema ng katarungan sa krimen; at,

SAPAGKAT, may umiiral na krisis sa mga manggagawa sa kalusugan ng paggawi na humahadlang sa mga pagsisikap sa pagtugon at paggagamot sa labis na dosis; at,

SAPAGKAT, ang isang matatag na tugon ay nangangailangan ng koordinasyon ng mga pagsisikap sa mga ahensya ng Estado, kabilang ang Illinois Department of Human Services, Illinois Department of Public Health, Illinois Department of Children and Family Services, Illinois Department of Corrections, Illinois Department of Healthcare and Family Services, Administrative Office of the Illinois Courts, Illinois Department of Insurance, at iba pa; at,

SAPAGKAT, bilang resulta ng mga pagsisikap ng Office of the Illinois Attorney General, inaasahan na ang Illinois ay patuloy na tatanggap ng mga pondo mula sa mga pambansang multi-state na opioid settlement sa susunod na 18 taon, mula sa mga hatol o pagsasaayos na nagresolba ng mga claim na may kaugnayan sa epidemya ng opioid at mga resulta nitong krisis sa pampublikong kalusugan, na ilalaan ayon sa Illinois Opioid Allocation Agreement; at,

SAPAGKAT, ang mga paggamit ng Illinois Opioid Remediation State Trust Fund, alinsunod sa Illinois Opioid Allocation Agreement, ay inaaprubahan ng at patuloy na aaprubahan ng Opioid Overdose Prevention and Recovery Steering Committee (Steering Committee) na nilikha ng Kautusang Tagapagpaganap 2 (2020), na tumatanggap ng mga rekomendasyon mula sa sub-committee ng Steering Committee, ang Illinois Opioid Remediation Advisory Board, tulad ng higit pang idinetalye sa Kautusang Tagapagpaganap 19 (2022); at,

SAPAGKAT, ang Steering Committee na nilikha ng Kautusang Tagapagpaganap 2 (2020) ay kasalukuyang nakatakda na magwakas sa Setyembre 30, 2023, na napapailalim sa pag-renew sa pamamagitan ng isang kasunod na Kautusang Tagapagpaganap.

SAMAKATWID, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa pamamagitan ng bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Saligang Batas ng Estado ng Illinois, ay inaamyendahan ang Kautusang Tagapagpaganap 2 (2020) tulad ng mga sumusunod::

I. Opioid Overdose Prevention and Recovery Steering Committee

Dahil sa nagpapatuloy na gawain ng Opioid Overdose Prevention and Recovery Steering Committee (Steering Committee), kasama ang trabaho nito, sa mga darating na taon, na ipatupad ang Illinois Opioid Allocation Agreement, ang Steering Committee, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, sub-committee nito, ang Illinois Opioid Remediation Advisory Board, ay nire-renew at magpapatuloy hanggang sa ang Illinois Opioid Remediation State Trust Fund, na nilikha sa 30 ILCS 105/6z-133, ay naubos.

II. Pangligtas na Sugnay

Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang maaaring ipakahulugan upang salungatin ang anumang pederal o pang-Estadong batas o regulasyon. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o makakapagpabago sa mga umiiral na kapangyarihang ayon sa batas ng alinmang ahensya ng Estado o maipakahulugan bilang muling pagtatalaga o muling pagsasaayos ng anumang ahensya ng Estado.

III. Mga Naunang Kautusang Tagapagpaganap

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

IV. Sugnay na Naghihiwalay

Kung ang alinmang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay napatunayang hindi wasto ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang mga natitirang probisyon ay mananatiling ganap na may bisa at epekto. Ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ihiwalay.

V. Petsa ng Pagkabisa

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador: Setyembre 29, 2023

Inihain sa Kalihim ng Estado: Setyembre 29, 2023